Disability Rights California

Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California
Walang Bayad (800) 776-5746

Mga Panuntunan ng Segurong Panlipunan para sa Pagtuturing ng Kita mula sa mga Magulang sa isang Anak na may Kapansanan upang Tukuyin kung ang Bata ay Karapat-Dapat para sa SSI at, kung gayon, ang Halaga

Hulyo 2016, Lat #5017.08 - Tagalog

Sa pangkalahatan, ang kita at mga mapagkukunan ng magulang ay "itinuturing," o ipinagpalagay, sa isang anak na tumatanggap ng Pandagdag na Kita sa Seguro (SSI, Supplemental Security Income). Nangangahulugan ito na bahagi ng kita at mga mapagkukunan ng magulang ay ibibilang laban sa anak sa pagtukoy kung ang bata ay karapat-dapat o hindi para sa SSI. Ang paglalathalang ito ay nagpapaliwanag sa mga patakaran ng pagtuturing, partikular, upang matukoy kung magkano sa kita ay itinuturing mula sa mga magulang sa batang may kapansanan at kung paano matukoy kung ang kapansanan ng bata ay kwalipikado para sa anumang SSI.

Bago pumunta sa aktwal na mga pamamaraan sa pagkalkula ng kung magkano sa kita ng magulang ay itinuturing at kung magkano ang maaaring makuhang SSI ng isang bata, kailangan mong maunawaan ang sistema ng "Nagdaang Buwanang Accounting" (“Retrospective Monthly Accounting”) ng Segurong Panlipunan (Social Security) at ang iyong mga obligasyon sa pag-uulat. Binibilang lamang ng Segurong Panlipunan ang kita at mga mapagkukunan ng magulang kung kanino kasamang nakatira ang batang SSI. Hindi binibilang ng Segurong Panlipunan ang kita o mga mapagkukunan ng isang magulang kung

kanino hindi kasamang nakatira ang batang SSI. Ang kita ng isang panguman (step-parent) kung kanino kasamang nakatira ang batang SSI ay binibilang.[1]

Nagdaang Buwanang Accounting

Gumagamit ang Segurong Panlipunan ng nagdaang buwanang accounting sa panahon ng pagiging karapat-dapat sa SSI. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) Seksyon 416.420. Nangangahulugan ito na ang kitang natanggap sa isang buwan ang tutukoy sa halaga ng SSI sa dalawang buwan na susunod. Halimbawa, naaapektuhan ng kita na natanggap sa Enero ang halaga ng tseke ng SSI sa Marso. Gayunpaman, kung ang kita ay masyadong mataas sa isang buwan upang maging kuwalipikado para sa anumang SSI, sususpendihin ang SSI para sa buwan na iyon. Kaya, kung ang kita noong Enero ay napakataas na ang inyong anak ay hindi na karapat-dapat para sa SSI, suspendido ang SSI sa Enero. Ang iyong anak ay may karapatan sa awtomatikong pagkabalik nang hindi kinakailangan ng bagong aplikasyon kung ang inyong kita ay sapat na mababa para sa inyong anak upang maging kuwalipikado para sa SSI sa alinman sa mga kasunod na 11 buwan.[2] 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1323(b). Kung patuloy ang 12 buwan na hindi bumababa nang sapat ang inyong kita upang ang inyong anak ay maging kuwalipikado para sa anumang SSI, ang suspensyon ay magiging terminasyon. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1335. Kapag ang inyong anak ay natigil, kailangan ninyong maghain ng isang bagong aplikasyon para sa inyong anak upang makakuha muli ng SSI.

Mga Obligasyon sa Pag-uulat ng Pagbabago sa Kita ng mga Magulang

Upang maisagawa ang "Nagdaang Buwanang Accounting", may patakaran ang Segurong Panlipunan na nagsasaad na dapat ninyong ipaalam sa Segurong Panlipunan sa ika-10 ng buwan *kasunod* ng buwan na may pagbabago sa iyong kita. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.708(c), 416.714.[3] Kung ang inyong kita nang Enero ay higit pa o mas mababa kaysa sa inyong kita nang Disyembre, dapat ninyong iulat ang pagbabago nang sa gayon ay alam ng Segurong Panlipunan ang tungkol dito sa ika-10 ng Pebrero - *mas mainam kung sa ika-5*. Hindi mo kailangang gumawa ng anumang ulat kung ang kita nang Enero ay parehong sa inyong kita nang Disyembre. Kapag natanggap ng Segurong Panlipunan ang inyong ulat ng pagbabago ng kita para sa Enero, dapat na ipasok ng Segurong Panlipunan ang nagbagong impormasyon sa kompyuter upang ang inyong tsekeng SSI sa Marso ay tataas o bababa upang ipakita ang pagbabago sa inyong kita nang Enero.

Isinama namin ang isang halimbawang ulat ng pagbabago ng kita upang matulungan kayong matugunan ang inyong mga obligasyon sa pag-uulat. Ipinapayo namin na inyong bahagyang punan ang form ng pag-uulat sa pamamagitan ng pagsulat ng address ng inyong tanggapan ng Segurong Panlipunan at ang lahat ng impormasyon pagkatapos ng "re." Pagkatapos, gumawa ng maraming kopya ng bahagyang napunang form.

Bawat buwan kung saan nagkaroon ng pagbabago sa kita, isulat mo ang petsa na inyong pinipirmahan ang form, ang buwan na inyong inuulat, at ang impormasyon tungkol sa kita sa ibaba. Pagkatapos ay lagdaan ang form. Isang magulang lamang ang kailangang lumagda sa form ng pag-uulat. Maaaring gumawa ng kopya ng napunang form o punan ang pangalawang form bilang kopya para maitabi ninyo. Maglakip ng mga kopya ng anumang pahayag ng sahod o tseke sa form ng pag-uulat na inyong ipapadala sa Segurong Panlipunan. Maglakip ng mga orihinal sa mga kopya na inyong itinatabi para sa inyong file. Huwag magpadala ng inyong orihinal na pahayag ng sahod sa Segurong Panlipunan, mga photocopy[4] lamang. madalas nawawala ng Segurong Panlipunan ang mga bagay na ipinadala sa pamamagitan ng koreo. Itabi ang orihinal na mga pahayag ng sahod at tseke na nakalakip sa inyong kopya ng form ng pag-uulat para maaaring masuri ng Segurong Panlipunan ang mga orihinal sa panahon ng inyong taunang pagrepaso. Sa ulat ng pagbabago ng kita na inyong itatabi, isulat ang petsa na inilagay mo ang sulat sa hulugan ng sulat.[5] Magtago ng kopya ng lahat ng bagay na ipapadala mo sa Social Security.

Dagdag pa, magtabi ng isang talaan sa tuwing nakikipag-usap kayo sa Segurong Panlipunan. Isulat ang petsa kung kailan kayo nakipag-usap, kanino kayo nakipag-usap, at kung ano ang sinabi. Inirerekomenda namin sa inyo na butasan ng tatlong butas kung ano ang natatanggap ninyo mula sa Segurong Panlipunan at gumawa ng mga kopya ng kung ano ang inyong ipinapadala sa Segurong Panlipunan. Ilagay ang lahat sa isang kwaderno o paniklop.

Mga Mapagkukunan at Kita na Hindi Itinuturing sa mga Anak

Hindi ibinibilang ng Segurong Panlipunan ang mga sumusunod bilang mapagkukunan para sa mga layunin ng pagtukoy ng pagiging karapat-dapat ng bata sa SSI:

- Ang mga pondo ng pensyon o pagreretiro ng mga magulang (tulad ng mga Indibidwal na Account sa Pagreretiro, KEOGH, o ipinagpaliban na

buwis sa kita sa taon) kahit na ang pondo ay maaaring kunin bilang pera. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1202(b).
- Mga mapagkukunan na ginamit para sa suporta sa sarili tulad ng imbentaryo sa maliit na negosyo at account sa bangko para sa panggastos o mga kasangkapan, kagamitan, o segunda manong sasakyan na ginagamit habang nasa trabaho o kinakailangan upang pumunta sa trabaho. 42 Kodigo ng Estados Unidos (U.S.C., United States Code) Seksyon 1382b(a)(3).

Hindi ibinibilang ng Segurong Panlipunan ang mga sumusunod bilang kita para sa mga layunin ng pagtukoy ng pagiging karapat-dapat ng isang bata sa SSI:

- Kita na natanggap ng isang magulang para sa pagbibigay ng mga Serbisyong Pangsuporta sa Bahay (IHSS, In-Home Supportive Services) sa isang batang may kapansanan. Ang kita sa IHSS ay hindi saklaw na kita sa SSI. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1161(a)(16).
- Sa pamamagitan ng Opsyon ng Unang Pagpipilian na Komunidad (CFCO, Community First Choice Option), ang IHSS na ibinibigay ng isang magulang sa isang bata ay sakop ng Medi-Cal at ang kita na natanggap ng magulang ay hindi saklaw na kita sa Medi-Cal. Bukod pa rito, ang kita at mga mapagkukunan na ibinibilang para sa mga layunin ng pagtukoy ng pinansyal na pagiging karapat-dapat ng isang bata para sa SSI at ang halaga ng tseke ng SSI ng bata ay hindi maaaring ibilang muli upang matukoy ang pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal ng ibang mga miyembro ng pamilya[6].

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa IHSS, tingnan ang aming pakete ng Patas na Paglilitis at Pagtatasa ng Sarili sa IHSS (IHSS Fair Hearing at Self-Assessment): http://www.disabilityrightsca.org/pubs/501301.htm

Paggawa ng mga Kalkulasyon sa Pagtuturing

Ang mga regulasyon sa pagtuturing ng magulang-sa-anak ay matatagpuan sa 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1160, 416.1161, at 416.1165. Kabilang sa "pinagtrabahuhang kita" ang mga sahod at suweldo o kita mula sa sariling-pagtrabaho.[7] Lahat ng iba pa ay "hindi pinagtrabahuhang kita": Lahat ng mga regalo, benepisyo sa kawalan ng trabaho, benepisyo sa kapansanan mula sa estado, at mga benepisyo sa Segurong Panlipunan ay mga halimbawa ng hindi pinagtrabahuhang kita. Pagsamahin ninyo ang hindi

pinagtrabahuhang kita ng mga magulang. Pagsamahin rin ninyo ang mga pinagtrabahuhang kita ng mga magulang. Para sa pinatrabahuhang kita, bilangin ninyo ang kabuuang kita, hindi kung ano ang natira matapos ang mga kaltas. Ang kabuuang kita ay ang halaga na inyong kinita bago ang anumang mga pagbabawas.[8]

Nagsisimula ang Segurong Panlipunan sa pamamagitan ng pagbawas ng alokasyon para sa bawat batang walang kapansanan sa pamilya bukod sa batang SSI o mga batang may kapansanan. Una ninyong ibabawas ang alokasyon mula sa anumang hindi pinagtrabahuhang kita at pagkatapos, hanggang sa ang alokasyon ay hindi pa nauubos, mula sa pinagtrabahuhang kita (tingnan ang mga halimbawa). Kasama sa "bata" para sa mga layunin ng pagbabawas ang mga batang wala pang 21 taong gulang na nakatira sa parehong sambahayan, at 21-taong gulang na full-time na mag-aaral sa ilalim ng mga pamantayan sa 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1861. Ang alokasyon para sa bawat batang walang kapansanan ay ang pagkakaiba sa pagitan ng indibidwal na Halaga ng Pederal na Benepisyo (FBR, Federal Benefit Rate) at ang FBR ng mag-asawa. (Ang Halaga ng Pederal na Benepisyo ay ang bahagi ng tseke ng SSI na nanggagaling mula sa pederal na pamahalaan; ang natitira sa tseke ng SSI ay mula sa pera[9] ng estado.) Ang sariling kita ng anak na hindi karapat-dapat ay pababababain ang alokasyon. Subalit kung ang hindi karapat-dapat na bata ay isang full-time na mag-aaral, ang mga kita ay hindi kasali sa parehong saklaw na ang mga ito ay hindi kasali para sa batang SSI o batang may sapat na gulang sa ilalim ng edad na 22. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1112(c)(3), 416.1160(d), 416.1161(c), 416.1163(b), 416.1165, 416.1861.

Pagkatapos ng mga pagbabawas para sa mga batang walang kapansanan sa tahanan, susunod ninyong ibabawas muna ang $20.00 na anumang kitang di-alintana na mula sa hindi pinagtrabahuhang kita (kung mayroon man o kung may natira) at pagkatapos, hanggang ang pagbabawas ay hindi na nagamit ng hindi pinagtrabahuhang kita, mula sa pinagtrabahuhang kita. Susunod ang mga espesyal na pagbabawas para sa pinagtrabahuhang kita – una ang $65.00 at pagkatapos ay ang 50% ng balanse. Pagkatapos ay idadagdag ninyo ang natitirang mga halaga ng hindi pinagtrabahuhang kita at pinagtrabahuhang kita. Mula sa kabuuang iyon, ibabawas ninyo ang alinman sa mga indibidwal na FBR (kung nag-iisang magulang) o ang FBR ng mag-asawa (kung ang parehong mga magulang o magulang at panguman ay nasa bahay). Ang balanse ay itinuturing sa batang may kapansanan bilang hindi pinagtrabahuhang kita ng bata. Kung

mahigit pa sa isang bata ang may kapansanan sa pamilya, ang halagang itinuring ay hahatiin sa kanila.

Ang pagkaloob na SSI sa bata ay tinutukoy sa parehong paraan tulad ng sinumang tumatanggap ng SSI na may dalawang mga eksepsiyon. Una, dalawang-ikatlo lamang ng anumang suporta sa bata ang binibilang. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1124(c)(11). Pangalawa, kung ang bata ay isang mag-aaral at mas mababa sa edad na 22 sa 2016, hindi binibilang ng Segurong Panlipunan ang unang $1,780.00 sa pinagtrabahuhang kita sa bawat buwan hanggang sa isang taunang pinakamataas na $7,180.00. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Section 416.1112(c)(3)[10]. Karagdagan ito sa mga pagbabawas na naaangkop sa pangkalahatan sa pinagtrabahuhang kita.

Mga Halimbawa ng Aplikasyon ng mga Patakaran ng Pagtuturing

Kasama sa talang ito ang isang blangko na worksheet (tingnan sa ibaba). Maaari kayong gumawa ng ilang mga kopya ng worksheet na gamitin sa pagkalkula ng halaga ng SSI ng inyong anak kung inyong nais. Dagdag pa, naglakip kami ng dalawang worksheet na kung saan ay napunan ayon sa mga halimbawa "A" at "B". Ang mga kalkulasyon ay batay sa 2016 ng mga halaga ng benepisyo. Ang mga numero at titik sa ibaba ay tumutugma sa mga numero at titik sa worksheet ng pagtuturing.

Ang Halaga ng Pederal na Benepisyo para sa mga Indibidwal noong Enero 2016, ay $733.00.	Ang Halaga ng Pederal na Benepisyo para sa mga Indibidwal noong Enero 2014, ay $721.00.	Ang Halaga ng Pederal na Benepisyo para sa mga Indibidwal noong Enero 2015 ay $733.00.
Ang Halaga ng Pederal na Benepisyo para sa mga Mag-asawa noong Enero 2016, ay $1,100.00.	Ang Halaga ng Pederal na Benepisyo para sa mga Mag-asawa noong Enero 2014, ay $1,082.00.	Ang Halaga ng Pederal na Benepisyo para sa mga Mag-asawa noong Enero 2015 ay $1,100.00.
Ang Pagbabawas sa Kita para sa Batang Walang Kapansanan (Income Deduction for Nondisabled Child) noong Enero 2016, ay $367.00.	Ang Pagbabawas sa Kita para sa Batang Walang Kapansanan noong Enero 2014, ay $361.00.	Ang Pagbabawas sa Kita para sa Batang Walang Kapansanan noong Enero 2015 ay $367.00.

Ang Halaga ng SSI para sa Batang May Kapansanan (SSI Rate for Disabled Child) noong Enero 2016, ay $796.40.	Ang Halaga ng SSI para sa Batang May Kapansanan noong Enero 2014, ay $784.40.	Ang Halaga ng SSI para sa Batang May Kapansanan noong Enero 2015 ay $796.40.
Ang Halaga ng SSI para sa Batang Bulag noong Enero 2016, ay $944.40.	Ang Halaga ng SSI para sa Batang Bulag noong Enero 2014, ay $932.40.	Ang Halaga ng SSI para sa Batang Bulag noong Enero 2015 ay $796.40.

Halimbawa A: Sina G. at Gng. Apple ay may tatlong anak kabilang si Adam na may kapansanan. Ang kabuuang pinagtrabahuhang kita ni G. Apple ay $2,000.00 sa isang buwan. Si Gng. Apple ay nagtatrabaho nang part-time at ang kanyang kabuuang kita ay $1,000.00 sa isang buwan. Tumatanggap din sila ng kita na $30 sa isang buwan sa pagpaarkila ng langis.

Pagkalkula ng Halaga ng Kita ng Magulang na Ipagpapalagay sa Batang SSI Halimbawa A:

1. Ilagay ang $30.00 na hindi pinagtrabahuhang kita mula sa mga pagpaarkila ng mga karapatan sa mineral na langis sa kanilang tahanan.

2. Mayroon pang dalawang bata sa pamilya dagdag kay Adam. Wala silang sarili nilang kita sa halimbawa. Ang 2016 na laang-gugulin para sa mga batang walang kapansanan sa pamilya ay $367.00 bawat isa. Ipasok ang $734.00 na kabuuang allowance para sa mga batang walang kapansanan.

3. Walang hindi pinagtrabahuhang kita mula kung saan kukunin ang pagbabawas ng anumang kita.

4. Ang kabuuang mabibilang na hindi pinagtrabahuhang kita ay siyempre zero.

5. Ang pinagsamang lahatang kabuuang pinagtrabahuhang kita para kina G. at Gng. Apple ay $3,000.00 ($2,000.00 dinagdagan ng $1,000.00).

6. Ang hindi nagamit na balanse ng laang-gugulin (#1 binawasan ng #2) para sa mga batang walang kapansanan sa pamilya ay $704.00.

7. Dahil hindi ninyo naabot ang $20.00 na anumang kitang di-alintana sa bilang 3 sa itaas, ang buong $20.00 na pagbabawas ay inilagay dito.

8. Susunod na ibabawas ninyo ang $65.00 na pinagtrabahuhang kita na pagbabawas.

9. Ang inyong subtotal ay $2,211.00 ($3,000.00 binawasan ng $704.00, binawasan ng $20.00, at binawasan ng $65.00).

10. Ilagay ninyo ang $1,105.50, na kalahati ng bilang 9.

11. Ang inyong kabuuang maibibilang na pinagtrabahuhang kita ay $1,105.50.

12. Dahil walang maibibilang na hindi pinagtrabahuhang kita mula sa bilang 4 sa itaas, ang kabuuang maibibilang na kita ay $1,105.50 din.

13. Ang Halaga ng Pederal na Benepisyo para sa isang mag-asawa sa 2016 ay $1,100.00.

14. Ang halagang itinuring sa anak na may kapansanan ay ang kabuuang maibibilang na kita binawasan ng FBR ng mag-asawa o $5.50.

Pagkalkula ng Pagkaloob sa Bata sa Halimbawa A:

a. Noong Enero 2016 ang antas ng pagkaloob para sa isang batang SSI na may kapansanan ay $796.40.

b. Ang halagang itinuring ay $5.50 at walang iba pang hindi pinagtrabahuhang kita (tulad ng mga benepisyo ng dependyente sa Titulo II Segurong Panlipunan).

c. Walang suporta para sa bata sa halimbawang ito.

d. Ibabawas ninyo ang $20.00 na anumang kitang di-alintana na mula sa kita ng bata.

e. Ang bata ay walang pinagtrabahuhang kita sa halimbawang ito.

f. Ang kabuuang maibibilang na kita ng bata ay $0 ($5.50 binawasan ng pinahihintulutang $20.00 na anumang kitang di-alintana na pagbabawas ng bata).

g. Ang tseke ng SSI ng bata ay magiging $796.40.

HALIMBAWA A
WORKSHEET NG SSI SA BUWANANG PAGTUTURING NG MAGULANG-BATA

Kita ng Magulang:

1.	Hindi pinagtrabahuhang kita	$30.00	$0.00
2.	Binawasan ng laang-gugulin para sa iba pang bata[1]	$(734.00)	$0.00
3.	Binawasan ng $20 na anumang kitang di-alintana	$(20.00)	$0.00
4.	Kabuuang Maibibilang na Hindi Pinagtrabahuhang Kita	$0.00	$0.00
5.	Kabuuang Pinagtrabahuhang Kita	$3,000.00	$0.00
6.	Binawasan ng balanse para sa iba pang mga anak (2 binawasan ng 1)[2]	$(704.00)	$0.00
7.	Binawasan ng balanse ng anumang kitang di-alintana	$(20.00)	$0.00
8.	Binawasan ng $65.00 na pinagtrabahuhang kitang di-alintana	$(65.00)	$0.00
9.	Subtotal	$2,211.00	$0.00
10.	Binawasan ng kalahati (50%) ng #9 subtotal	$1,105.50	$0.00
11.	Kabuuang maibibilang na pinagtrabahuhang kita	$0.00	$1,105.50

[1] Ang laang-gugulin para sa bawat batang walang kapansanan ay $356.00 para sa Enero 2013, $361.00 para sa 2014 at $367.00 para sa 2015 at 2016. Halaga ng binabawas para sa iba pang mga anak ay maaaring magpababa ng kita ng bata. Ang binabawas na hindi ginagamit sa #2 ay ibabawas laban sa pinagtrabahuhang kita sa #6. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[2] Ang laang-gugulin para sa bawat batang walang kapansanan ay $356.00 para sa Enero 2013, $361.00 para sa 2014 at $367.00 para sa 2015 at 2016. Halaga ng binabawas para sa iba pang mga anak ay maaaring magpababa ng kita ng bata. Ang binabawas na hindi ginagamit sa #2 ay ibabawas laban sa pinagtrabahuhang kita sa #6. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

12. Subtotal – maibibilang na kita	$0.00	$1,105.50
13. Binawasan ng indibidwal o mag-asawang FBR[3]	$0.00	$(1100.00)
14. Halagang itinuring sa batang[4] may kapansanan	$0.00	$5.50

Pagkalkula ng Pagkaloob sa Bata:

a. Antas[5] ng Pagkaloob na SSI sa Bata	$0.00	$796.40
b. Halagang itinuring mula sa #14 sa itaas dagdag ang iba pang hindi pinagtrabahuhang kita	$5.50	$0.00
c. 2/3 ng anumang suporta[6] sa bata	$0.00	$0.00
d. Binawasan ng $20.00 na anumang kitang di-alintana	$(20.00)	$0.00
e. Maibibilang na pinagtrabahuhang kita[7]	$0.00	$0.00
f. Lahatang maibibilang na kita ng bata	$0.00	$0.00
g. Pagkaloob na SSI sa bata	$0.00	$796.40

[3]Ang mga indibidwal na FBR (halaga ng pederal na benepisyo) sa 2013 ay $710.00, $721.00 para sa 2014 at $733.00 para sa 2015 at 2016. Ang mag-asawang FBR, noong 2013 ay $1,066.00, $1,082.00 noong 2014 at $1,100.00 para sa 2015 at 2016. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[4]Kung higit sa isa ang batang may kapansanan, ang halagang itinuring ay hinahati sa pagitan ng mga batang may kapansanan. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[5]Ang halaga ng SSI ng batang may kapansanan sa California kabilang ang FBR at suplemento ng estado noong 2013 ay $773.40, $784.40 noong 2014 at $796.40 nong 2015 at 2016. Ang bulag na bata ay $921.40 para sa 2013, $932.40 para sa 2014 at $944.40 para sa 2015 at 2016. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[6]Dalawang-ikatlo lamang ng suporta sa bata ang binibilang. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[7]Noong 2013 ang buwanang hindi saklaw na halaga ay $1,730.00, ang taunang hindi saklaw ay $6,960.00. Noong 2014 ang buwanang hindi saklaw na halaga ay $1,750.00 at ang taunang hindi saklaw ay $7,060. Noong 2015 at 2016 ang buwanang hindi saklaw ay $1,780.00 at ang taunang hindi saklaw ay $7,180.00. Dagdag pa, ang mga bata ay may pagbabawas ng lahat para sa pinagtrabahuhang kita na magagamit sa mga matatanda. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

Halimbawa B: Si Betty Barton ay nag-iisang magulang na may anak na may kapansanan na si Bill. Tumatanggap si Bill ng $225.00 sa isang buwan bilang suporta sa bata mula sa kanyang ama. Si Bb. Barton ay kumikita ng $2,000.00 sa isang buwan bago ang anumang mga pagbabawas.

Pagkalkula ng Halaga ng Kita ng Magulang na Ipagpalagay sa Batang SSI sa Halimbawa B:

1-4. Sa halimbawa, walang hindi pinagtrabahuhang kita.

5. Ang kabuuang pinagtrabahuhang kita ay $2,000.00 sa isang buwan.

6. Sa halimbawa, walang iba pang mga bata sa pamilya.

7. Dahil walang hindi pinagtrabahuhang kita, ibawas ang buong $20.00 na anumang kitang di-alintana rito.

8. Susunod na ibabawas ninyo ang $65.00 na pinagtrabahuhang kita na pagbabawas.

9. Ang subtotal ay $1,915.00 -- $2,000.00 binawasan ng $20.00 (bilang 7) at $65.00 (bilang 8) na mga di-alintana.

10. Ibawas ang kalahati ng $1,915.00 o $957.50.

11. Ang kabuuang maibibilang na pinagtrabahuhang kita ay $957.50 rin.

12. Ang kabuuang maibibilang na kita ay $957.50 dahil walang hindi pinagtrabahuhang kita sa halimbawa.

13. Ang Halaga ng Pederal na Benepisyo para sa nag-iisang magulang sa 2016 ay $733.00.

14. Ang halagang itinuring kay Bill ay $224.50, ang pagkakaiba sa pagitan ng $957.50 at $733.00.

Pagkalkula ng Pagkaloob sa Bata sa Halimbawa B:

a. Ang antas ng pagkaloob sa Bata noong January 2016 ay $796.40.

b. Ang halagang itinuring ay $224.50. Walang iba pang mga hindi pinagtrabahuhang kita tulad ng mga benepisyo ng dependyente sa Titulo II ng Segurong Panlipunan.

c. Sa halimbawa, natatanggap ni Bill ang $225.00 sa isang buwan bilang suporta para sa bata mula sa isang lumiban na magulang. Binibilang lamang ng Segurong Panlipunan ang dalawang-ikatlo ng suporta para sa bata, ang isang-ikatlo ng $225 o $75 ay ibinawas mula sa $225 at ang balanse o $150 ay binibilang bilang kita ng bata.

d. Ibabawas ninyo ang $20.00 na anumang kitang di-alintana na mula sa kita ng bata.

e. Sa halimbawa, ang Bata ay walang pinagtrabahuhang kita.

f. Ang maibibilang na pinagtrabahuhang kita ng Bata ay $354.50 ($224.50 dinagdagan ng $150.00 binawasan ng $20.00).

g. Ang pagkaloob na SSI sa Bata ay $ 441.90 ($ 796.40 mas mababa $ 354.50)

HALIMBAWA B
WORKSHEET NG SSI SA BUWANANG PAGTUTURING NG MAGULANG-BATA

Kita ng mga Magulang:

1. Hindi pinagtrabahuhang kita	$0.00	$0.00
2. Binawasan ng laang-gugulin para sa iba pang bata[8]	$0.00	$0.00
3. Binawasan ng $20 na anumang kitang di-alintana	$(20.00)	$0.00
4. Kabuuang Maibibilang na Hindi Pinagtrabahuhang Kita	$0.00	$0.00
5. Kabuuang Pinagtrabahuhang Kita	$2,000.00	$0.00
6. Ibawas ang balanse para sa iba pang bata[9]	$0.00	$0.00

[8] Ang laang-gugulin para sa bawat batang walang kapansanan ay $356.00 para sa Enero 2013, $361.00 para sa 2014 at $367.00 para sa 2015 at 2016. Halaga ng binabawas para sa iba pang mga anak ay maaaring magpababa ng kita ng bata. Ang binabawas na hindi ginagamit sa #2 ay ibabawas laban sa pinagtrabahuhang kita sa #6. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

7.	Binawasan ng balanse ng anumang kitang di-alintana	$(20.00)	$0.00
8.	Binawasan ng $65.00 na pinagtrabahuhang kitang di-alintana	$($65.00)	$0.00
9.	Subtotal	$1,915.00	$0.00
10.	Binawasan ng kalahati (50%) ng #9 subtotal	$(957.50)	$0.00
11.	Kabuuang maibibilang na pinagtrabahuhang kita	$0.00	$957.50
12.	Subtotal – maibibilang na kita	$0.00	$957.50
13.	Binawasan ng indibidwal o mag-asawang FBR[10]	$0.00	$(733.00)
14.	Halagang itinuring sa batang[11] may kapansanan	$0.00	$224.50

Pagkalkula ng Pagkaloob sa Bata:

a.	Antas[12] ng Pagkaloob na SSI sa Bata	$0.00	$796.40
b.	Halagang itinuring mula sa #14 sa itaas dagdag ang iba pang pinagtrabahuhang kita	$224.50	hindi $0.00
c.	2/3 ng anumang suporta[13] sa bata	$150.00	$0.00

---

[9] Ang laang-gugulin para sa bawat batang walang kapansanan ay $356.00 para sa Enero 2013, $361.00 para sa 2014 at $367.00 para sa 2015 at 2016. Halaga ng binabawas para sa iba pang mga anak ay maaaring magpababa ng kita ng bata. Ang binabawas na hindi ginagamit sa #2 ay ibabawas laban sa pinagtrabahuhang kita sa #6. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[10] Ang indibidwal na FBR (halaga ng pederal na benepisyo) noong 2013 ay $710.00, $721.00 para sa 2014 at $733.00 para sa 2015 at 2016. Ang mag-asawang FBR, noong 2013 ay $1,066.00, $1,082.00 noong 2014 at $1,100.00 para sa 2015 at 2016. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[11] Kung higit sa isa ang batang may kapansanan, ang halagang itinuring ay hinahati sa pagitan ng mga batang may kapansanan. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[12] Ang halaga ng SSI ng batang may kapansanan sa California kabilang ang FBR at suplemento ng estado noong 2013 ay $773.40, $784.40 noong 2014 at $796.40 nong 2015 at 2016. Ang bulag na bata ay $921.40 para sa 2013, $932.40 para sa 2014 at $944.40 para sa 2015 at 2016. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[13]Dalawang-ikatlo lamang ng suporta sa bata ay binibilang. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

d. Binawasan ng $20.00 na anumang kitang di-alintana	$(20.00)	$0.00
e. Maibibilang na pinagtrabahuhang kita[14]	$0.00	$0.00
f. Lahatang maibibilang na kita ng bata	$0.00	$354.50
g. Pagkaloob na SSI sa Bata	$0.00	$441.90

BLANGKONG WORKSHEET NG SSI PARA SA BUWANANG PAGTUTURING NG MAGULANG-ANAK

Kita ng Magulang:

1. Hindi pinagtrabahuhang kita	$0.00	$0.00
2. Binawasan ng laang-gugulin para sa iba pang bata[15]	$( )	$0.00
3. Binawasan ng $20 na anumang kitang di-alintana	$(20.00)	$0.00
4. Kabuuang Maibibilang na Hindi Pinagtrabahuhang Kita	$0.00	$0.00
5. Kabuuang Pinagtrabahuhang Kita	$0.00	$0.00
6. Ibawas ang balanse para sa iba pang bata[16]	$( )	$0.00
7. Binawasan ng balanse ng anumang kitang di-alintana	$(20.00)	$0.00

[14] Noong 2013 ang buwanang hindi saklaw na halaga ay $1,730.00, ang taunang hindi saklaw ay $6,960.00. Noong 2014 ang buwanang hindi saklaw na halaga ay $1,750.00 at ang taunang hindi saklaw ay $7,060. Noong 2015 at 2016 ang buwanang hindi saklaw ay $1,780.00 at ang taunang hindi saklaw ay $7,180.00. Dagdag pa, ang mga bata ay may pagbabawas ng lahat para sa pinagtrabahuhang kita na magagamit sa mga matatanda. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[15] Ang laang-gugulin para ay bawat batang walang kapansanan ay $356.00 para sa Enero 2013, $361.00 para sa 2014 at $367.00 para sa 2015 at 2016. Halaga ng binabawas para sa iba pang mga anak ay maaaring magpababa ng kita ng bata. Ang binabawas na hindi ginagamit sa #2 ay ibabawas laban sa pinagtrabahuhang kita sa #6. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[16] Ang laang-gugulin para sa bawat batang walang kapansanan ay $356.00 para sa Enero 2013, $361.00 para sa 2014 at $367.00 para sa 2015 at 2016. Halaga ng binabawas para sa iba pang mga anak ay maaaring magpababa ng kita ng bata. Ang binabawas na hindi ginagamit sa #2 ay ibabawas laban sa pinagtrabahuhang kita sa #6. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

8.	Binawasan ng $65.00 na pinagtrabahuhang kitang di-alintana	$(65.00)	$0.00
9.	Subtotal	$0.00	$0.00
10.	Binawasan ng kalahati (50%) ng #9 subtotal	$( )	$0.00
11.	Kabuuang maibibilang na pinagtrabahuhang kita	$0.00	$0.00
12.	Subtotal – maibibilang na kita	$0.00	$0.00
13.	Binawasan ng indibidwal o mag-asawang FBR[17]	$0.00	$( )
14.	# Halagang itinuring sa batang may kapansanan	$0.00	$0.00

Pagkalkula ng Pagkaloob sa Bata

a.	##Antas ng Pagkaloob na SSI sa Bata	$0.00	$0.00
b.	Halagang itinuring mula sa #14 sa itaas dagdag ang iba pang hindi pinagtrabahuhang kita	$0.00	$0.00
c.	† 2/3 ng anumang suporta sa bata	$0.00	$0.00
d.	Binawasan ng $20.00 na anumang kitang di-alintana	$(20.00)	$0.00
e.	‡ Maibibilang na pinagtrabahuhang kita	$0.00	$0.00
f.	Lahatang maibibilang na kita ng bata	$0.00	$0.00
g.	Pagkaloob na SSI sa Bata	$0.00	$0.00

[17] Ang indibidwal na FBR (halaga ng pederal na benepisyo) noong 2013 ay $710.00, $721.00 para sa 2014 at $733.00 para sa 2015 at 2016. Ang mag-asawang FBR, noong 2013 ay $1,066.00, $1,082.00 noong 2014 at $1,100.00 para sa 2015 at 2016. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

Petsa: _____

Pamamahala ng Segurong Panlipunan
Tanggapan ng Distrito
_____
_____

Paksa: _____ Pangalan ng Bata: _____

Numero ng SS ng Bata: _____

Tirahan: _____

_____

Telepono: _____

Ako (Kami) ang (mga) magulang ng bata sa itaas. Ito ang ulat ng pagbabago ng kita para sa buwan ng _____. Kung ang pagbabago ng kita ay babago sa halaga ng tseke ng SSI ng aking (aming) anak, mangyaring ipagbigay-alam sa akin (amin). Sinusumpa o inihahayag ko (namin) sa ilalim ng parusa ng kasinungalingan na ang accounting sa ulat na ito ay totoo at tama at anumang kopya na nakalakip ay eksaktong kopya sa orihinal. Nilagdaan sa petsa at lugar na nakasulat sa itaas.

_____
Ama

_____
Ina

PINAGTRABAHUHANG KITA NG MGA MAGULANG
Photocopy ng mga Nakalakip na Talaan ng Sahod/Pahayag ng Sahod;
Ang mga orihinal ay nakatabii para sa pagsisiyasat ng Pamamahala ng Segurong Panlipunan (Social Security Administration) sa taunang pagrepaso.
Employer: _____
Halaga/Petsa na Natanggap $ _____
Halaga/Petsa na Natanggap $ _____
Halaga/Petsa na Natanggap $ _____
Halaga/Petsa na Natanggap $ _____
HINDI PINAGTRABAHUHANG KITA
Pinagmulan: _____ Halaga/Petsa na Natanggap $ _____

Mga Talababa

---

[1] Bagama't binibilang ng Segurong Panlipunan ang kita at pinagkukunan ng isang panguman para sa mga layunin ng SSI, ang ahensiya ng Medi-Cal (Medicaid) ng estado ay hindi maaaring gawin ito. 42 Kodigo ng Estados Unidos Seksyon 1396a(a)(17)(D). Para sa isang bata, ang programa ng Medi-Cal ay tumitingin lamang sa kita at mga mapagkukunan ng mga magulang at anak. Kung ang inyong anak ay hindi maging karapat-dapat para sa SSI dahil sa kita at mga mapagkukunan ng isang panguman, mag-aplay para sa Medi-Cal sa ilalim ng programang Pederal na Antas ng Kahirapan para sa may edad na at para sa mga bata at matatanda na may kapansanan (A&D FPL, Federal Poverty Level program for aged and for children and adults with disabilities). Kung ang inyong anak ay hindi karapat-dapat sa ilalim ng programang A&D FPL, mag-aplay para sa Medi-Cal sa ilalim ng programa para sa medikal na maralitang may edad, bulag, may kapansanan (ABD, aged-blind-disabled). Mag-apply ka para sa Medi-Cal sa inyong tanggapan ng Kapakanan ng County. Ipaliwanag na ang inyong anak ay isang kasong *Sneed* (pangalan ng isang kaso) upang matiyak na tamang patakaran ang gagamitin. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[2] Upang makapagsimula muli ang SSI ng inyong anak, sumulat o pumunta sa inyong lokal na Tanggapan ng Segurong Panlipunan upang iulat ang pagbaba sa kita o na ang inyong mga mapagkukunan ay nasa loob ngayon ng mga limitasyon ng Segurong Panlipunan. Isama ang mga dokumento na nagpapakita na ang inyong kita ay mas mababa ngayon o ang inyong mga mapagkukunan ay nasa loob ng mga limitasyon ng SSI. Dapat partikular ninyong hilingin na ibalik ang SSI. Kung humiling ka ng pagbabalik sa pamamagitan ng koreo, iminumungkahi namin na gawin mo ito sa pamamagitan ng sertipikadong koreo. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[3] Ang pagbabago sa kita ay hindi ang tanging bagay na kailangan mong iulat. *Tingnan* 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon § 416.708. Kailangan mong sabihin sa Segurong

Panlipunan kung lilipat kayo, kung ang inyong anak na may kapansanan o mga anak na walang kapansanan ay titira sa ibang lugar, kung ang isang magulang ay ikakasal, kung isa sa mga magulang ay lilipat ng bahay, o kung ang inyong anak na may kapansanan ay lilipat sa isang medikal na pasilidad. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[4] Ang ilang mga magulang ay nag-ulat na sinasabi ng mga lokal na tanggapan sa kanila na hindi maaaring tumanggap ang Segurong Panlipunan ng mga photocopy. Iyon ay hindi tama. Sa sulat ng pagbabago sa kita sumusumpa kayo sa ilalim ng parusa ng kasinungalingan na ang mga photocopy ay totoong mga kopya ng mga orihinal. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[5] Ang ilang mga pamilya ay nag-ulat na ang kanilang mga lokal na tanggapan ng Segurong Panlipunan ay nagsasabi sa kanila na hindi nila kailangang ipadala ang mga buwanang ulat ng pagbabago sa kita, na ang Segurong Panlipunan ang gagawa ng mga pagsasaayos pagkatapos ng katotohanan sa panahon ng taunang pagsusuri. Minsan ito ay tama kapag ang Segurong Panlipunan ay nag-aayos para sa inyong mga benepisyo na naka-ayon sa mga inaasahang pagbabago sa inyong kita. Kung binabayaran nang lingguhan, nakakatanggap kayo ng lima sa halip ng apat na pahayag ng sahod sa ilang mga buwan; kung binabayaran sa bawat dalawang linggo, nakakatanggap ka ng tatlo sa halip na dalawang pahayag ng sahod sa isang buwan dalawang beses sa isang taon. Sa panahon ng taunang pagsusuri, maaaring iprograma ng Segurong Panlipunan ang inaasahang pagbabago sa kita para sa darating na taon. Gayunpaman, maliban kung nagbibigay ang Segurong Panlipunan sa inyo ng anumang nakasulat na nagsasabi na ikaw ay hindi na mag-uulat ng mga pagbabago sa kita, dapat mong ipadala ang mga ulat ng pagbabago sa kita. Kung hindi, at mayroong labis sa pagbabayad bilang resulta, sasabihin ng Segurong Panlipunan na ikaw ang may kasalanan dahil hindi mo iniulat ang pagbabago sa kita. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[6] 42 Kodigo ng Estados Unidos Seksyon 1309, Kodigo ng mga Regulasyon ng California (C.C.R., California Code of Regulations), Titulo 22, Seksyon 50555.1. Sa kaso ng mga miyembro ng pamilyang Apple sa Halimbawa A sa pahina 5, ang iba pang dalawang mga bata ay magiging karapat-dapat para sa Medi-Cal batay sa zero na kita. Ang mga magulang ay maaaring hindi karapat-dapat kung parehong nagtatrabaho. Sa kaso ng nag-iisang magulang o kung saan isa sa mga magulang ay walang trabaho o walang sapat na trabaho o may kapansanan kabilang ang pansamantalang kapansanan, ang mga magulang ay maaaring sakop din ng Medi-Cal. Kung ang isang magulang ay nakakatanggap ng IHSS upang mapangalagaan ang isang bata na may kapansanan, ang kita na iyon ay hindi ibinibilang kapag tinutukoy ang pinansiyal na pagiging karapat-dapat ng bata para sa SSI o, dahil sa Opsyon ng Unang Pagpipilian na Komunidad ng IHSS, binibilang kapag tinutukoy ang pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal ng sinumang iba pa sa sambahayan. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[7] Kung kayo ay sariling nagtatrabaho, gustong malaman ng Segurong Panlipunan ang inyong isinaayos na kabuuang kita. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1110(b). Dalhin ninyo sa Segurong Panlipunan ang inyong pahayag ng buwis sa kita mula sa nakaraang taon kasama ang impormasyon tungkol sa iyong kabuuang natanggap sa taong ito. Titingnan ng Segurong Panlipunan ang inyong buwis sa kita mula sa nakaraang taon kasama ang impormasyon tungkol sa inyong kabuuang mga natanggap sa taong ito. Titingnan ng Segurong Panlipunan ang inyong buwis sa kita bilang sukatan para sa pagtantya ng inyong isinaayos na kabuuang kita sa taong ito. Kung ang inyong kabuuang mga natanggap noong nakaraang taon ay $40,000 ngunit ang inyong isinaayos na kabuuang kita (kung ano ang binayaran nyo ng buwis pagkatapos ng ipinapahintulot na mga pagbabawas sa negosyo ng Serbisyo ng Rentas Internas [Internal Revenue Service]) ay $18,000 o 45% ng inyong kabuuang natanggap, tatantyahin ng Segurong Panlipunan na ang inyong isinaayos na kabuuang kita sa taong ito ay 45% ng kabuuang natanggap sa taong ito. Dahil ang kita sa sariling pagtatrabaho ay tinutukoy sa isang

taunang batayan, na pagkatapos ay pantay-pantay na hinahati sa 12 na buwan ayon sa 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1111(b), gagamit ka ng mga pagtatantyang maaaring maisasaayos kapag inihahanda ninyo ang inyong pahayag ng buwis sa kita.

Hindi binibilang ng Segurong Panlipunan bilang isang mapagkukunan ang ari-ariang kinakailangan para sa sariling suporta kasama bilang isang empleyado. 42 Kodigo ng Estados Unidos Seksyon 1382b(a)(3). Maaaring kabilang dito ang imbentaryo, mga kompyuter, kagamitan sa pagsasaka at mga baka, bukiran, hiwalay na account ng negosyo sa bangko, mga gusali, bangka para sa pangingisda, pati na rin ang kotse na kailangan ninyong gamitin sa inyong trabaho o mahalaga para pumunta at umuwi mula sa trabaho. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[8]Ang ilang mga employer ay may mga plano na nagpapahintulot sa inyo na maglagay ng pera sa isang espesyal na account upang magbayad para sa pangangalaga ng bata o pangangalaga ng kalusugan alinsunod sa Seksyon 125 ng Kodigo ng Rentas Internas (Internal Revenue Code). Ang mga ito ay madalas na tinatawag na "mga planong kapiterya” (“cafeteria plans”). Ang perang itinabi sa mga account na ito at ginagamit para sa kwalipikadong mga benepisyo ay hindi itinuturing na "kita" dahil hindi kayo nagbabayad ng buwis sa segurong panlipunan sa kita na ito. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 404.1054.

Ang inyong kabuuang pinagtrabahuhang kita para sa mga layunin ng SSI ay ang inyong kabuuang kita binawas ang pera na inilagay sa planong kapiterya. Gayunman, ang mga kita na inilagay sa isang account para sa pagreretiro na protektado sa buwis*ay* binibilang bilang kita. Ang mga pondo sa account ng pagreretiro o pensyon ng magulang ay isang hindi saklaw na mapagkukunan *na hindi itinuturing* sa bata. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1202(b). “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[9] Dahil sa nagdaang buwan na accounting (tingnan ang mga pahina 1-2), ang mga kalkulasyon para sa kita na natanggap sa Nobyembre at Disyembre ay dapat gumamit ng Halaga ng Pederal na Benepisyo para sa susunod na taon. Ito ay dahil ang tseke ng SSI na natanggap noong Enero at Pebrero ay dapat na nagpapakita ng kita na natanggap at itinuring noong Nobyembre at Disyembre ng nakaraang taon. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[10]Ang taunan at buwanang pinakamataas ay tumaataas bawat taon sa halaga ng taunang gastos ng laang-gugulin sa pamumuhay. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.112(c)(3)(B). Ang mga regulasyon ay nagbibigay ng pag-aangkop at kaluwagan sa mga kapansanan kapag tinutukoy kung ang isang bata o kabataan ay isang mag-aaral para sa mga layunin ng pagbabawas ng pinagtrabahuhang kita. 20 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon Seksyon 416.1861.

Ang mga regulasyon at mga batas ay mahahanap sa mga pampublikong aklatan. Ang mga ito ay mahahanap din sa website ng Segurong Panlipunan: www.ssa.gov. Kapag nasa website ng Segurong Panlipunan, i-click ang "ang aming mga tuntunin ng programa" na nasa kanang bahagi ng website. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba't ibang mga pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html .